# Ihayag ang Kapangyarihan ng Panalangin Para Makapangaral

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Eduardo Mayo, OFMCAP
Oktubre 28, 2023

Ang paghayag ng kapangyarihan ng panalangin ay pagbukas sa kapangyarihan ng Diyos na nakikinig at sumasagot sa mga panalangin ayon sa Kanyang kagustuhan at panahon. Ang panalangin ay paraan upang makasama ang Diyos, makaugnay sa Kanya at maiayon sa Kanya ang ating puso. Kaya, anyayahan natin Siya sa ating buhay at hingin ang Kanyang patnubay araw-araw.

**Paano buksan ang kapangyarihan ng Panalangin:**

**1. Ang panalangin ay isang pakikinig mula sa puso.**
Ayon kay St. Francis, ang ebanghelisasyon at pangangaral ay pagpapahayag ng Salita ng Diyos. Higit na mahalaga ang paghahanap ng tamang disposisyon na nagbibigay ng kapangyarihan sa pagdadasal kaysa sa paghahanap ng tamang salita.
Manalangin tayo sa pamamagitan ng pagbibigay ng oras at lugar sa ating sarili para maramdaman ang presensya ng Diyos, at mapakinggan ang Kanyang sinasabi sa ating puso (Mateo 6:6).

2**. Ang pusong tunay na nagmamahal, totoong nakaririnig at napapakinggan ang minamahal**.
Pinapaalalahanan tayo ni Hesukristo na marunong tayong makinig kung marunong tayong magmahal. Kung di tayo nagmamahal, gusto lang nating pakinggan ang gusto nating marinig, at parang ini-*exaggerate* natin kung ano ang inaasahan ng Diyos. Minsan, nakakalimutan nating tanungin ang Diyos kung ano ang gusto Niyang gawin natin. At inaasahan pa nating biyayaan ng Diyos ang ating aksyon. Kaya nga't, kailangan nating tumigil, makinig at humingi tayo ng tulong sa Diyos na mahalin Siya sa pamamagitan ng biyaya ng pakikinig.

3**. Manampalataya sa Diyos at matutong sumailalim sa Kanyang kalooban.** Si Habakkuk ay nanalangin sa Diyos nang taimtim upang ipaabot ang kanyang kalungkutan at panaghoy na naghayag sa kapangyarihan ng panalangin (Hab.2:2). Kaaya-ayang pakikipag-usap ito sa Diyos, kung saan makikita ang kabusilakan ng puso ni Habakkuk. Tinugon siya ng Diyos bilang isang kaibigan. Kaya, huwag tayong magpigil ng damdamin kapag nakikipag-usap tayo sa Diyos; ihayag sa Kanya ang totoong nararamdaman.

4. **Sumasagot ang Diyos sa ating reklamo, panaghoy at pagluha.** Kapag ipinapadama natin ang ating mga pait at kabiguan sa pamamagitan ng pagmamaktol, pananaghoy at pagluha, binibigyan natin ang Diyos ng pagkakataong pumasok sa ating buhay (Roma 8:26). Gayunpaman, hindi Siya tutugon kung ang ating panalangin ay upang matapos na ang ating paghihirap.

5. **Alam ng Diyos: Alam Niya ang nangyayari; Nauunawa Niya; Nararamdam Niya**.
Ang Diyos ay nagbibigay ng kasiyahan. Siya ay maawain at hindi Niya tayo iiwan (Isa.41:10). Ang panalanging puno ng pananalig ay nagbubukas ng kapangyarihang makiisa sa isip at puso ng Diyos.

**6. Ang panalangin ni St. Francis sa panahon ng krisis.**
Karamihan sa panalangin ni St. Francis ay papuri at pagsamba. Gayunpaman, may isa siyang panalangin para sa krisis: Hiniling niya sa Diyos na bigyang liwanag ang kadiliman ng kanyang puso; upang mabigyan siya ng totoong pananampalataya, pag-asa at pagmamahal, kahulugan at karunungan upang magampanan niya ang banal at utos ng Diyos. Ang panalanging ito ang magbubukas din sa ating puso; tayo ay ipinadala upang magpahayag; sa lahat ng ating ginagawa at paano natin ito ginagawa, makikilala at mararamdaman tayo ng iba na tayo ay taong madasaling.

**Konklusyon:**
Ang taong madasalin ay laging nasa tamang lugar, at tamang oras, para maibigay ang tamang salita, at ang kapangyarihan ng panalangin ay mabuksan upang makapagpahayag.

**Pagninilay:**
Paano ka magdasal para higit na mabisa ang iyong panalangin para mas marinig mo ang tinig ng Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:https://lordsflock.org/digests**
Tags:#Pahayag